2023. 10. 1～

フィリピン語・タガログ語／Filipino Tagalog

# Sistema ng Benepisyo na Regalo sa Kasal sa siyudad ng Yokkaichi



Maligayang bati sa inyong pagpapakasal!!

Sa siyudad ng Yokkaichi, dahil namamahagi kami ng pera bilang regalo sa kasal at suportahan ang bagong buhay ng mga mag-asawa, mangyaring gamitin ito.



| Halaga ng regalong pera | **100,000 yen (bawat mag-asawa)** |
|---|---|

## Saklaw na mga pangunahing kinakailangan

- Petsa ng kasal: Pagkatapos ng Abril 1, 2023 (petsa ng abiso ng kasal)
- Edad ng mag-asawa: Sa petsa ng pagsusumite ng pagpaparehistro ng kasal, ang mag-asawa ay dapat na 39 taong gulang o mas bata at wala sa kanila ang nakatanggap na ng regalong ito para sa kasal.
- Address ng mag-asawa: Ang mag-asawa ay dapat naninirahan sa siyudad ng Yokkaichi at nakarehistro bilang residente sa oras ng pag-aapply para sa pagtanggap ng regalo para sa kasal.
- Pagnanais manirahan: Ang mag-asawa ay dapat na may intensyon na manirahan sa siyudad ng Yokkaichi nang hindi bababa sa dalawang taon mula sa petsa ng desisyon sa pamamahagi ng regalo sa kasal.
- Kumpletong pagbabayad ng buwis: Ang mag-asawa ay dapat nakapagbayad ng kumpletong buwis.



*Mangyaring mag-apply para sa pagtanggap ng regalo sa kasal sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng abiso ng kasal.

*Bukod sa nabanggit sa itaas ay may iba pang mga kinakailangan. Mangyaring suriin ang website para sa mga detalye tulad ng mga kinakailangan at kung paano mag-apply.

## Aplikasyon/Mga Katanungan

**Syudad ng Yokkaichi, Children's Future Department Children's Future Division**

Address: 〒510-0085 2-2 Suwacho, Siyudad ng Yokkaichi (3rd floor ng General Hall)

Telepono: 059-354-8038 (Weekdays 8:30-17:15)

Email: kodomomirai@city.yokkaichi.mie.jp

# Proseso ng Aplikasyon Para sa Regalo para sa Kasal sa siyudad ng Yokkaichi

Mangyaring ilakip ang mga sumusunod na kinakailangang dokumento sa **"Aplikasyon Para sa Regalong Pera Para sa Kasal"** at isumite ito sa Syudad ng Yokkaichi, Children's Future Division (General Hall 3F) sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng pagtanggap ng pagpaparehistro ng kasal. (Maaaring ipadala sa Mail)

*I-download ang application form mula sa website ng siyudad ng Yokkaichi.

**HAKBANG 1**
Aplikasyon Para sa Regalong Pera
[Aplikante]

| Mga kinakailangang dokumento | Window na pagkukuhanan |
| --- | --- |
| Rehistro ng Pamilya<br><br>*Pagkatapos isumite ang rehistrasyon ng kasal, magtatagal ng ilang oras upang maibigay ito. | Mangyaring kunin ito sa munisipyo kung saan matatagpuan ang permanenteng tirahan ng mag-asawa.<br><br>Kung ang mag-asawa ay nakarehistro sa siyudad ng Yokkaichi, maaari itong makuha sa Yokkaichi City Hall Citizen's Section, district civic center, at civic service center.<br><br>Bilang karagdagan, kung ikaw ay isang My Number card holder at may address at legal na tirahan sa siyudad ng Yokkaichi, maaari mo rin itong makuha sa isang convenience store. |
| Sertipiko ng paninirahan<br><br>(Lahat ng miyembro ng sambahayan, pinuno ng sambahayan at mga relasyon ay nakalista.) | Makukuha ito sa Yokkaichi City Hall Citizens Section, district civic center, at civic service center.<br><br>Gayundin, kung mayroon kang My Number Card at nakatira sa siyudad ng Yokkaichi, maaari mo ring makuha ito sa isang convenience store. |
| Sertipiko ng pagkumpleto para sa bawat asawa | Yokkaichi City Hall 2F Municipal Tax Division<br>(Pakitandaan na hindi ito makukuha sa district civic center o civic service center.) |

**HAKBANG 2**
Pagsusuri Desisyon Ukol sa Regalong Pera
[Siyudad]

Pagpapadala ng abiso ng pagsusuri/desisyon

Ipinapadala namin ang resulta ng pagsusuri sa aplikante mula sa siyudad.

**HAKBANG 3**
Pagbabayad
[Siyudad]

Pagbabayad

Ipapadala ang regalong pera para sa kasal sa bank account ng aplikante.